

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-4 ng Nobyembre 2019

# IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

## Naging pinakamabagal ang pagtaas ng mga singil sa factory gate sa loob ng halos apat na taon

### Key findings

Tumaas lang nang kaunti ang mga singil sa pagbebenta noong Oktubre...

... sa kabila ng mabilis na pagdami ng mga bagong order

Lumaki nang kaunti ang produksyon kahit na bumagal ang pagdami ng employment

Ang mga operating condition sa manufacturing sector ng Pilipinas ay gumanda nang kaunti noong Oktubre, dahil tumaas ang output at mga bagong order nang medyo mas mabilis kumpara sa Setyembre. Sa kabila nito, nagtaas ang mga kumpanya ng mga singil sa output nang pinakamabagal mula pa noong Enero 2016. Naging bahagya ang pagdami ng employment, habang naging pinakamababa sa survey ang mga ekspektasyon sa negosyo.

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay itinalang 52.1 noong Oktubre, mas mataas kaysa sa 51.8 noong Setyembre at ito ang naging pinakamataas na reading na naobserbahan sa loob ng siyam na buwan (kasing taas ng Hulyo), at naghudyat ito ng kaunting pagganda sa kalagayan ng goods-producing sector.

Ang mga manufacturer ay nagpanatili ng kaunting bilis ng paglaki ng produksyon, at naging halos kapantay ito ng naitala noong Agosto at Setyembre. Ayon sa mga kumpanya sa survey, naging dahilan ng pagtaas ang mga dagdag na bagong order. Gayunpaman, ang bilis ng paglaki ng output ay naging mas mahina kumpara sa trend para sa series (na nagsimula noong Enero 2016).

Bumilis nang kaunti ang pagdami ng bagong order, at nag-ulat ang mga kumpanya ng kapansin-pansing pagtaas ng demand dahil sa mas malaking bilang ng mga kliyente at pagganda ng kalagay ng mga kundisyon sa pag-export. Sa katunayan, ang sales sa mga overseas na kliyente ay tumaas sa unang pagkakataon sa loob ng limang buwan, bagama't kaunti lang.

Sa kabila ng mas mabilis na pagtaas ng demand, nagkaroon ng kakulangan ng capacity pressure sa mga pabrika, at nag-ulat ang mga kumpanya ng isa pang mabilis na pagbaba ng outstanding business. Gayundin, naging pinakamabilis ang pagbaba mula pa noong huling Setyembre.

Bilang resulta, ang mga Filipino na kumpanya ay hindi masyadong nagkaroon ng dahilan para magtaas ng bilang ng lakas-paggawa noong Oktubre. Ang pinakabagong data ay nagsaad ng kaunting pagtaas ng employment mula noong Setyembre, bagama't naging pinakamabagal ito sa loob ng tatlong buwan.

Sa kabilang banda, patuloy na mas naging laganap ang pagbili ng *ipinagpatuloy...*

Philippines Manufacturing PMI  
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

### Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI ay itinalang 52.1 noong Oktubre, at naghudyat ito ng kaunting pagbabago sa bilis ng pagganda ng mga kundisyon sa pagnenegosyo mula noong Setyembre. Bumilis nang bahagya ang produksyon, kasabay ng kaunting pagbilis ng pagdami ng bagong order. Sa kabilang banda, tumaas ang employment nang mas mabagal, samantalang lumaki ang stock ng mga pagbili nang pinakamabagal sa loob ng tatlong buwan.

"Kapansin-pansin sa data noong Oktubre ang dagdag pang pagbagal ng inflation ng singil sa output, na naging pinakamabagal simula noong Enero 2016. Sa kabila ng mabilis na pagtaas ng mga gastusin, maraming kumpanya ang hindi nagbago ng mga presyo upang mapanatili ang isang masiglang merkado.

"Naging pinakamababa ang ekspektasyon sa negosyo sa buong kasaysayan ng series. Gayunpaman, maraming kumpanya ang umaasa pa ring tataas ang aktibidad sa natitira sa taon, nanatiling positibo ang pangkalahatang outlook."

input, at ang mas malalaking volume ng order book ay nagdulot sa mga manufacturer na bumili ng mas maraming raw materials. Gayunpaman, ang bilis ng expansion ay naging pinakamabagal sa loob ng anim na buwan. Tumaas din ang stock, bagama't kaunti lang.


Ang mga presyong ibinayad para sa input goods ay patuloy na tumaas noong Oktubre, gaya ng naging sitwasyon sa buong kasaysayan ng survey. Naging kapansin-pansin ang pagtaas, bagama't mas mahina ito sa trend ng series. Ang mga kumpanyang nakaranas ng pagtaas ng gastos ay nag-ugnay rito sa mas matataas na presyo ng raw materials, kasama ang mga metal at pagkain. Ang mas mababa ng availability ng input ay binanggit din bilang dahilan ng pagtaas ng kabuuang gastos.

Samantala, naging pinakamabagal ang pagbaba ng inflation ng singil sa pagbenta mula noong unang buwan ng pangongolekta ng data noong Enero 2016. Bagama't may mga kumpanyang nagtaas ng presyo dahil sa mas mataas na cost pressures, hindi ito binago ng karamihan upang magpanatili ng kapansin-pansing pagdating ng bagong business.

Gaya ng mga kamakailang buwan, ang mga isyu sa trapiko ay nakaapekto sa mga supplier noong Oktubre. Tumagal ang lead times sa ikatlong buwang sunud-sunod, at naging pinakamabilis ito sa taong ito.

Panghuli, mas lalong bumaba ang outlook sa mga manufacturing company sa Pilipinas, at nagtakda ito ng bagong pinakamababang naitala para sa survey. Gayunpaman, kahit nanghihina ang ilang kumpanya, maraming panelista ang nanatiling optimistic tungkol sa mga level ng output sa hinaharap dahil sa pagdami ng sales, mga bagong produkto at pagbubukas ng tindahan.

**PMI Output Index** sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan  
**Produksyon ng manufacturing** %yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

## Makipag-ugnayan

David Owen  
 Economist  
 IHS Markit  
 T: +44 2070 646 237  
[david.owen@ihsmarkit.com](mailto:david.owen@ihsmarkit.com)

Bernard Aw  
 Principal Economist  
 IHS Markit  
 T: +65 6922 4226  
[bernard.aw@ihsmarkit.com](mailto:bernard.aw@ihsmarkit.com)

Joanna Vickers  
 Corporate Communications  
 IHS Markit  
 T: +44-207-260-2234  
[joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com)

### Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nireberbisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Oktubre 2019 ay nakolekta noong 11-24 Oktubre 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

### Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.